

**Kasalukuyan at nakaplanong mga hakbang para sa pagpapalaganap  
ng pagkakapantay-pantay ng lahi  
Ahensiya para Tulong Pinansiyal para sa Nagtatrabahong Pamilya  
at Mag-aaral**

Ahensiya para Tulong Pinansiyal para sa Nagtatrabahong Pamilya at Mag-aaral (Working Family and Student Financial Assistance Agency (WFSFAA)), na sinusupportahan ng Tanggapan ng Pananalapi ng Mag-aaral (Student Finance Office (SFO)) at ng Opinsina para sa mga Opisina ng Alawans ng Nagtatrabahong Pamilya (Working Family Allowance Office (WFAO)), ay nakatuon na magbigay ng dedikadong tulong pinansiyal sa mga nangangailangang pamilya sa Hong Kong, at sinusupportahan ang mga bata at kabataan na mag-aaral at hinihikayat ang mga nagtatrabahong pamilya na manatiling aktibo sa pagtatrabaho.

Ang WFSFAA ay nagbibigay ng malaking importansya na makapagbigay pagkakataon o akses sa impormasyon at serbisyo para sa mga tao mula iba't ibang lahi. Ang mga hakbang upang mapalaganap ang pagkakapantay-pantay ng lahi. Ang mga hakbang para sa pagpapalaganap ng pagkakapantay-pantay ng lahi at pantay na pagkakataon sa aming serbisyo para sa mga sa mga tao mula iba't ibang lahi ay nakasaad sa ibaba.

- Nakatalagang Serbisyo**
- Upang suportahan ang mga nangangailangang pamilya sa pamamagitan ng pagbibigay ng pinansiyal na tulong sa mga mag-aaral sa pamamaraang aplikable sa antas na pre-primary, primarya at sekondarya.
  - Upang hikayatin ang pagsasarili at mapagaan ang kahirapang pang-henerasyon sa pamamagitan ng pagbibigay Iskema ng Alawans ng Nagtatrabahong Pamilya (Working Family Allowance (WFA) Scheme)<sup>1</sup>.
  - Sa pamamagitan ng Iskema ng Subsidiya sa Transportasyon na Base sa Indibidwal Bilang

---

<sup>1</sup> Ang Ayuda para sa mga Nagtatrabahong Pamilya na Mababa ang Kita (Low-income Working Family Allowance) binago ang pangalan bilang Iskema ng Alawans ng Nagtatrabahong Pamilya (WFA) epektibo mula 1 Abril 2018.

Insentibo sa Trabaho (Individual-based Work Incentive Transport Subsidy (I-WITS) Scheme), upang makatulong sa mga indibidwal na mababa ang kita na mabawasan ang kanilang gastos sa pagbiyahe papunta at mula sa trabaho at mahikayat sila na maging sigurado o manatiling may trabaho.

**Mga  
Kasalukuyang  
Hakbang**

**(A) Pagpapahayag ng mga Pamamaraan ng  
Pinansiyal na Tulong**

- May impormasyon sa mga pamamaraan ng pinansiyal na tulong sa mga mag-aaral na aplikable sa antas na bago magprimarya, primarya at sekondarya; ang WFA at I-WITS ay inilabas ito sa pitong wika<sup>2</sup> maliban pa sa Tsino at Ingles sa kapwa website ng SFO at WFAO. May isang shortcut icon sa “Mga Serbisyong Suporta para sa mga Taong Magkakaibang Lahi (Support Services for People of Diverse Race)” na matatagpuan sa dalawang website na ito upang mabilis ang pag-akses.
- May mga polyeto/posters, at halimbawang mga form para sa mga nasabing pamamaraan na isinalin sa pitong wika maliban pa sa Tsino at Ingles ang makukuha ng publiko sa Mga Sentro sa Katanungan ng Mga Gawain sa Tahanan (Home Affairs Enquiry Centres), mga Tanggapan ng Distrito ng Kagawaran ng Kapakanang Sosyal (District Offices of Social Welfare Department) at mga tanggapang pang-impormasyon ng WFSFAA, at maaari rin itong i-download mula sa website ng SFO para sa mga pamamaraan para sa pagbibigay ng pinansiyal na tulong sa mga mag-aaral at sa WFAO para sa WFA at I-WITIS. Ang mga promosyoonal na polyeto para sa pagbibigay ng pinansiyal na tulong sa mga mag-aaral ay

---

<sup>2</sup> Kasama sa pitong wika ay Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai at Urdu.

maaari ring makuha sa mga Mga Sentro ng Makaina at Kalusugan ng Bata ng Kagawaran ng Kalusugan (Maternal and Child Health Centres under Department of Health) at mga Tanggapan ng Edukasyon sa Rehiyon ng Kawanihan ng Edukasyon (Regional Education Offices of Education Bureau) at ipinamamahagi sa mga magulang at estudyante na mula sa ibang lahi sa mga paaralan, mga kindergarten, mga sentro sa pangangalaga ng mga bata at at sentro para sa serbisyong pang-suporta, habang ang para sa WFA at I-WITS ay makukuha sa tanggapan ng Kagawaran ng Trabaho (Labour Department). Ang impormasyon tungkol sa WFA ay tinalakay rin sa mga programa sa radyo at diyaryo na nakasulat sa mga wikang maliban pa sa Tsino at Ingles para maipalaganap ito sa publiko.

- Ang pagbibigay ng pinansiyal na tulong sa mga mag-aaral at ang WFA ay tinalakay rin sa mga taong nagmula sa ibang lahat sa pamamagitan ng isang maliit na libro na pinamagatang “Ang Iyong Gabay Sa Mga Serbisyo Sa Hong Kong (Your Guide to Services in Hong Kong)” na nakalathala sa anim na iba pang wika mula sa Kagawaran ng Kapakanan Tahanan (Home Affairs Department (HAD)).
- Sa pamamagitan ng ilang pagtalakay, ang WFSFAA ipinapakilala ang detalye ng mga pamamaraan para sa pagbibigay ng pinansiyal na tulong sa mga mag-aaral, at ang WFA at I-WITS sa mga tao na nagmula sa ibang lahi at talakayin sa kanila paano magkumpletong application forms. Ang serbisyong pagsasalin ay maaaring gamitin habang nagaganap ang pagtakalay kung kinakailangan. Ang hotline/serbisyo ng WFSFAA at ang serbisyong pagsasalin at ipinapakilala sa talakayan sa tao na mula sa ibang lahi.

- Ang iba't ibang pamamaraan sa pagtulong ay ipinakilala rin sa mga tao mula sa ibang lahi sa pamamagitan ng mga Mga Sentro ng Serbisyong Suporta para sa Etnikong Minorya (Support Service Centres for Ethnic Minorities) na pinondohan ng Kagawaran ng Kapakanan Tahanan (HAD) at/o mga nagaganap na mga serbisyo o gawain sa buong teritoryo ng mga organisasyon para sa mga tao na mula sa ibang lahi kasama na ang pakikilahok sa mga ispesyal na programa/kaganapan, hal mga job fair para sa mga tao na mula sa ibang lahi.

### **(B) Suporta sa mga Katanungan at Pag-aapply**

- Ang mga hotline para sa mga katanungan <sup>3</sup> (<2802 2345> para sa SFO at <2558 3000> para sa WFAO) ay nagbibigay ng libreng serbisyo sa pagsasalin sa telepono para sa mga indibidwal na mula sa ibang lahi sa pakikipagtulungan ng Sentro para sa Etniko Minorya (CHEER) sa ilalim ng Serbisyo ng Kristiyanong Hong Kong (Hong Kong Christian Service) upang mag-asikaso ng kanilang mga katanungan sa pag-aapply. Ang CHEER ay nagbibigay rin ng personal na serbisyo ng pagsasalin para sa mga tao na mula sa ibang lahi nang walang bayad.
- May mga impormasyon na nakasulat sa pitong iba pang wika na may nakalakip na mga kontak ng bawat pamamaraan ng pagtulong at ng mga Mga Sentro ng Serbisyong Suporta para sa Etnikong Minorya (Support Service Centres for Ethnic Minorities) na pinondohan ng Kagawaran ng Kapakanan Tahanan (HAD) at naka-display sa mga tanggapan ng WFSFAA para sa mga

---

<sup>3</sup> Kapag ang isang indibidwal na mula sa ibang lahi ay tumawag sa mga linya ng telepono na nabanggit sa itaas at pinili ang “Iba pang wika” mula sa sistema nito, o kung walang ibang wika na pinili sa takdang panahon, ang tawag ay ililipat sa isang kawani ng CHEER para makapagbigay ng napapanahon at mas madaling serbisyo ng pagsasalin.

bibibisita rito na mula sa iba't ibang lahi, at nakalakip din ito sa mga sulat na humihingi ng karagandang impormasyon mula sa mga aplikante na mula sa ibang lahi para kanilang maging sanggunian.

- Ang isang ID para sa wika ng CHEER, na nagpapakita ng mga Hotline ng Pagsasalin sa Telepono ng CHEER Centre sa walong wika ay naka-display sa mga tanggapan upang magawa ng kawani ang nararapat na serbisyo para sa isang indibidwal na mula sa ibang lahi na nangangailangan ng serbisyo ng pagsasalin. Ang mga indibidwal na ito ay maaaring maglahad ng wika na kanilang sinasalita sa pamamagitan ng pagturo sa ID na ito at ang amin kawani ay maaaring tumulong na tumawag sa hotline na nabanggit upang ang tao na ito ay maaaring makipag-usap sa aming kawani.
- Ang WFSFAA ay magsasaayos ng serbisyo ng pagsasalin kung kinakailangan kapag nagbibigay ng serbisyo para sa mga tao na mula sa obang lahi sa mga tanggapin o habang pinoproseso ang kanilang aplikasyon. Dagdag pa rito, ang mga iba't ibang sentro ng serbisyong pang-suporta (tulad ng CHEER Centre, HOME Centre, HOPE Centre, LINK Centre, SHINE Centre, TOUCH Centre at Sentro ng Serbisyong Suporta para sa mga Etniko Minorya ng Yuen Long Town Hall (Yuen Long Town Hall Support Service Centre for Ethnic Minorities) ay iniimbata na magbigay ng tulong sa mga tao na mula sa ibang lahi, tulad ng pagpapakilala sa kanila ng mga pamamaraan sa pagtulong, magbigay ng gabay sa pagsagot at pagkumpleto ng form sa aplikasyon at magsalin para sa kanilan ng mga kaungay na dokumento na may kinalaman sa kanilang aplikasyon.

### **(C) Pagsasanay ng Kawani**

- Ang WFSFAA bibigyan ang kanyang mga kawani ng regulat na pagsasanay and ng “Gabay na Proseso sa Pag-asikaso ng mga Katanungan ng mga Tao mula sa Ibang Lahi (Procedural Guide on Handling Enquiry from People of Diverse Race)” bilang sanggunian kung paano aasikasuhin ang mga katanungan mula sa mga tao na muli sa ibang lahi. Ang mga kawani ay hinihikayat rin na dumalo sa iba pang kaugnay na pagsasanay para mapahusay ang kanilang pag-unawa, sa kultura at relihiyon ng mga aplikante na mula sa iba’t ibang lahi.
- Ang E-version ng mga kaungay na patnubay at materyal sa pagsasanay ay maaaring makuha ng kawani para madaling mabasa muli bilang isang sanggunian.

### **Pagtatasa ng Trabaho sa Hinaharap**

Ang WFSFAA ay patuloy na –

- Iipunin ang datos at estadistika sa paggami ng mga serbisyo ng mga tao na mula sa iba’t ibang lahi upang makapagsagawa ng mga pag-aaral upang makatulong sa pagtatasa at pagbubuo ng mga patakaran at hakbang.
- Mangalap ng mga puno at pagtingin mula sa mga pamayanan at organisasyon ng mga indibihwal mula sa ibang lahi tungkol sa amin mga serbisyo at posibleng pagpapahusay.
- Regular na suriin ang mga puna o hinahain na natanggap tungkol sa serbisyo ng pagsasalin na ibinigay sa mga tao na mula sa iba’t ibang lahi para masigurado ang pagiging epektibo nito.
- Suriin ang mga serbisyo para sa mga tao na mula sa iba’t ibang lahi upang lalong mapahusay ito.

- Mangalap ng mga puna at suhestiyon mula sa mga kawani sa mga kaugnay na na programa sa pagsasanay at gawain para sa pagsusuri at pagpapabuti.
- Karagdagang Hakbang na Gagawin**
- Magbigay ng mga polyeto na pang-promosyon at mga halimbawang form ng iba't ibang paraan ng pagtulong sa wikang Vietnamese upang maisagawa ang pag-aapply mula sa mga tao mula sa ibang lahi.
  - Isalin ang Pahayag sa Pagkoletka ng Personal na Impormasyon (Personal Information Collection Statement) sa walong iba pang mga wika (kasama ang Vietnamese) upang maunawaan ng mga aplikante na mula sa ibang lahi upang mas maunawaan ang layunin ng pagkolekta ng kanilang personal na datos kapag sila ay nag-apply para sa tulong pampinansiya, at maging ang kanilang karapatan sa pag-akses at itama ang kanilang personal na datos sa ilalim Ordinansang Personal na Datos (Pribasiya) (Personal Data (Privacy) Ordinance).

Para sa mga katanungan tungkol sa kasalukuyan at planong mga hakbang para sa pagpapalaganap ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan kay G Mr. Herman TSE, Chief Executive Officer (Pagbabago ng Pamamahala) (Change Management) ng SFO gamit ang mga sumusunod na mga pamamaraan –

Numero ng : 2150 7676  
 Telepono  
 Numero ng fax : 3102 9433  
 Email : [hhmtse\\_sfo@wfsfaa.gov.hk](mailto:hhmtse_sfo@wfsfaa.gov.hk)  
 Adres: : Room 1008, 10/F, Cheung Sha Wan Government Offices, 303 Cheung Sha Wan Road, Kowloon

**Ahensiya para Tulong Pinansiyal para sa Nagtatrabahong Pamilya  
 at Mag-aaral  
 Mayo 2020**